

# 1

“Uy, tahan na. Huwag ka nang umiyak,” sabi ng kaibigan ni Hannah na si Ava. “Buti nga nalaman mong gago siya ngayon pa lang kesa naman kung kailan naikasal na kayo, di ba?”

Suminghot muli si Hannah bago pinunasan ng tissue ang ilong. Naubos na yata niya ang laman ng kahon ng tissue ni Ava pero ayaw pa ring tumigil ng pagbalong luha mula sa kanyang mga mata. Tulad ng mga patak na iyon ng luha, patuloy rin ang pagpatak ng snow sa labas ng bintana sa apartment ng kaibigan sa Brooklyn, New York. Para sa isang taong noon lamang makaka-experience ng snow, hindi pansin ni Hannah ang kagandahan niyon. Para sa kanya, mas nakadagdag lang iyon sa kalamigan ng kaluluwa niya.

“Kaya pala nag-aalangan talaga ako na pumunta dito sa America na fiancée visa ang gamit,” hikbi niya. At hindi nga gayon ang ginawa niya. “Parang nararamdaman ko na noon pa na mangyayari ito.”

Isang linggo pa lamang siyang nasa America para makilala ang lalaking matagal na niyang kausap online. Nakilala niya ang Amerikanong si Yves sa pamamagitan ng mga mutual friends nila sa

social network. Ito ang unang pumansin sa kanya. Nakakuwentuhan, naging kaibigan. Napunta sa messenger at *Skype* ang usapan nila hanggang sa manligaw na nga ang lalaki. At dahil gusto naman niya ito, sinagot ito ni Hannah.

Nagpunta ito sa Pilipinas para makilala siya at ang kanyang pamilya at inaya siya nitong magpakasal. Bagaman ang malaking bahagi ng relasyon nila ay LDR—long distance relationship, tinanggap ni Hannah ang alok ng nobyo.

Nag-apply siya para sa kanyang U.S. Visa upang sundan ang lalaking akala niya ay makakasama niya nang habambuhay. Hanggang sa dumating siya sa apartment nila sa *SoHo* at nakitang hubo't hubad ito at may kasamang hindi lang isa kundi dalawang babae sa kama.

Ibinato niya sa mukha nito ang engagement ring na ibinigay nito sa kanya bago nag-alsa balutan at lumipat sa bahay ng isa sa mga college friends niya na sa New York na naninirahan.

“Paano pala kung fiancée visa ang in-apply-an ko? Di nakadepende ako sa gagong Kano na 'yon?” Muli siyang humikbi. “Saka paano kung wala ka rito? Paano ako mabubuhay hanggang sa makaipon ako ng pamasaha pabalik sa Pilipinas?”

Muling hinaplos ni Ava ang kanyang buhok at inabutan siya ng panibagong kahon ng tissue. “Eh, hindi mo naman na malalaman dahil working visa ang mayroon ka at nandito ako sa New York,” anito na may maliit na ngiti sa mga labi. “So mahal ka pa rin ni Lord.”

Malakas na suminga si Hannah. “Magpa-Pasko pa naman,” aniya. “Alam mo ba kung magkano ang laman ng bank account ko ngayon? Eighty-two dollars and twenty-seven cents. God, Ava. Pinagsakluban na yata ako ng langit at lupa.”

“Ano ka ba?” saway ng kaibigan. “Buti nga may eighty-two dollars ka. May mga tao sa kalye na walang pera, walang makain, at walang tutuluyan. Ikaw, may pera ka saka puwede ka namang makitira dito. Saka may working visa ka. Ibig sabihin, puwede kang magtrabaho dito nang legal hanggang sa makaipon ka ng pera kung talagang gusto mong umuwi sa ‘Pinas.’”

“Nakakahiya naman kasi sa ‘yo,” sabi ni Hannah na muling nilamukos ang gamit nang tissue. “Ang kapal na nga talaga ng mukha ko kasi makikitira talaga ako. Wala naman akong ibang tutuluyan.”

Tumayo si Ava at dinampot ang handle ng rolling bag ng kaibigan. “No problem. Para namang hindi tayo magkaibigan. Isa pa, sino pa ba’ng magtutulungan?”

Look, magpahinga ka na muna. Ipapasok ko sa kuwarto ko itong mga bag mo. Pull-out 'yang sofa. Ikukuha kita ng mga unan at kumot. Magpahinga ka na muna.”

Gusto na namang maiyak ni Hannah sa ipinakita sa kanyang kabutihan ni Ava pero pinigil niya ang sarili. Ayaw niyang suklian ang kabaitan nito sa pamamagitan ng pagpapakita rito na sa kabila ng tulong nito, depressed pa rin siya.

Naghanda sila ng higaan. At nang magpaalam ito na matutulog na, niyakap ni Hannah ang sarili sa ilalim ng makapal na comforter. Patuloy na tumutulo ang luha niya. Para sa broken heart at broken dreams at sa takot sa magiging buhay niya sa America. Para siyang kuting na iniwan ng nanay sa kalye at hinayaang mamuhay nang mag-isa. Ang pinakaayaw pa naman ni Hannah ay ang mawalan ng kontrol sa mga kaganapan.

Ano pa ba ang mas ‘walang kontrol’ sa pagkakaroon ng equivalent ng humigit-kumulang sa three thousand pesos sa pinakamahal na siyudad sa Estados Unidos?

Pumikit siya at pinigil ang hikbi bago inis na pinunasan ang mga pisngi. Walang magagawa ang awa sa sarili. Bukas, babangon siya, literally and

figuratively. May ninety days siya bago mag-expire ang working visa niya. May ninety days siya para mag-ipon ng two thousand dollars para makauwi ng Pilipinas.

Muli niyang pinigil ang awa sa sarili at nag-isip ng happy thoughts bago tuluyang nakatulog.

---

Ilang oras pa lang siyang nahihimlay, nagising na kaagad si Hannah. Madilim pa sa labas at malamig ang hangin kahit pa may heater sa apartment ni Ava. Una niyang naisip ang hayop na ex-fiancé bago galit na pinalis ito sa kanyang utak. Wala na siyang magagawa tungkol sa lalaking iyon. Wala rin siyang mapapala kung itututok niya rito ang enerhiya.

Bumangon siya at tiningnan ang relo na nagsasabing alas cinco pa lamang ng umaga. The least she could do was prepare breakfast for Ava. Pagkatapos ay mag-jo-job hunt siya nang bonggang-bongga.

Nakaayos na siya ng higaan, nakaluto na ng pritong itlog, nakapag-toast na ng tinapay, at nakapaghanda ng kape nang lumabas ng silid si Ava. Nakasuot na ito ng palda't blusa, dala ang isang handbag, long coat at scarf. Nagulat ito nang makita

ang almusal bago masayang ngumiti.

“Wow!” bulalas nito. “Kadalasan coffee lang ako sa umaga, eh.”

Namula siya sa pagkapahiya. “Naku! Sorry. Naisip ko kasing ito na ang least na puwede kong gawin para sa ’yo.”

Tumawa ang kaibigan. “Don’t worry about it. Nagulat lang ako pero I like it. Hindi ko lang nasama sa schedule ko ang breakfast so hindi kita masasabayan ngayon. I’d take that coffee though.”

Ibinaba nito sa mesa ang mga dalang gamit bago nagbukas sa isa sa mga cabinet sa kusina. Kumuha ito ng isang travel mug at doon nagsalin ng kape.

“Ano’ng balak mong gawin ngayon?” tanong nito.

“Job hunting sana,” sagot niya bago inabot kay Ava ang mug. “Kailangan kong makaipon ng at least two thousand dollars bago mag-ninety days para makauwi ako sa Pilipinas.”

Naglagay ng asukal sa kape si Ava. “Well, nagtatrabaho kasi akong accountant sa isang domestic staffing agency. Ang mga openings kasi nila doon, puro pang-housekeeper saka nanny. Puwede kitang tulungang maghanap ng ibang trabaho—”

“Sandali,” sabi ni Hannah at nag-angat ng ulo ang kaibigan. “Ibig mong sabihin, puwede mo akong ipasok na housekeeper?”

Ikiniling ni Ava ang ulo sa isang tabi at pinagmasdan siya. “Oo, pero sigurado ka bang okay lang sa ’yo na maging maid?”

Lumapit siya rito at hinawakan ang magkabila nitong mga braso. “Ngayon, kahit welder pa ’yan, papatusin ko.”

Ngumiti ito. “Babalitaan kita mamaya,” pangako nito bago tumawa nang mahigpit niya itong yakapin.

“You are an angel in disguise,” sabi niya.

“Wala ’yon,” muli nitong tawa.

“Sa ’yo siguro wala, pero para sa ’kin, Ava, you’re a lifesaver. Thank you.”

Tinapik nito ang kanyang balikat. “You’re welcome. I better go. May ekstrang susi sa ashtray malapit sa pinto. Nandoon na rin ang password ng *WiFi* kung gusto mong mag-Internet. May pagkain sa ref kapag nagutom ka.” Inikot nito sa leeg ang scarf bago isinuot ang mahabang coat. “My office number is also there. Tawagan mo lang ako kapag may problema ka.”

Nagtungo ito sa pinto bago siya muling nilingon. “And, Hannah, don’t worry about it. Everything’s going to be all right.”

Naramdaman ni Hannah na namasang muli ang kanyang mga mata bago siya ngumiti at tumango. Ngumiti rin si Ava bago ito tuluyang umalis.

Kumbinsido na talaga siya na ito ang Christmas angel niya. Hindi na niya alam kung paano pa mababayaran ang kaibigan, ngayon pa lang.

Huminga siya nang malalim bago hinarap ang almusal. No point in letting the food go to waste.

---

“But i need a nanny, not a housekeeper,” kunot ang noong sabi ni Mason McKendrick nang matapos magsalita ang babaeng kausap niya sa kabilang linya.

“I understand that, Sir, but because it’s Christmas and everybody’s busy, we’re a little low on manpower at the moment.”

Pumikit si Mason at hinagod ang noo. Sa tapat niya sa mesa sa kusina ng kanyang condo, pinapakain ng kanyang ina ang kanyang sampung buwang gulang na anak ng maliliit na piraso ng muffin.

Bumuga siya ng hangin. “Give me a minute,”



sabi nito sa babae bago tinakpan ang mouthpiece ng telepono. “Mom, wala raw silang yaya ngayon. Ang available nila ay housekeeper.”

Sinulyapan siya ng kanyang ina. “Eh, s’abi ko naman sa ’yo kaya ko naman. Kung hindi naman ako mag-aalaga ng apo, ako rin ang maglilinis nitong condo mo. Mas gusto ko nang housekeeper ang kunin mo kaysa sa nanny. Mas gusto kong mag-alaga ng apo kaysa mag-vacuum.”

Pinagmasdan niya ang ina na sa edad na fifty-five ay mukha pa ring bata at malakas na malakas pa. Siya mismo ang may gusto na kumuha ng taga-alaga ng bata para hindi naman mapagod ang kanyang mommy. Pero kung ito ang tatanungin, kaya talaga nito ang mag-alaga ng apo, maglinis ng bahay, magluto, maglaba, magplantsa at kahit pa ihatid-sundo siya sa trabaho.

Hindi sa ayaw niyang ang ina ang mag-alaga sa anay niya, pero ayaw namang abusuhin ni Mason ang mommy niya o ang kabaitan nito at ang pagmamahal nito sa nag-iisang apo. He needed someone, and he needed her now.

Muli siyang bumuga ng hangin bago ibinalik ang atensyon sa telepono. “All right,” aniya. “Can you schedule her for an interview today? Around three

in the afternoon.”

“Definitely, Sir,” sabi ng babae. “Her name is Hannah Velasco. Where do you want to set the interview?”

“At home. My mother is currently living with me and my son so if I’m not home by that time, she could talk to my mother, Regina McKendrick.”

“I’ll let her know.”

“Thank you.”

Ibinaba ni Mason ang telepono at tumayo na. “Aalis na ako, Mommy. Babalik ako bago mag-three. Kapag nauna sa ’kin ’yung housekeeper, papasukin mo na lang muna. Ako ang mag-i-interview sa kanya. Her name is Hannah Velasco.”

Ibinaling nito ang paningin sa kanya mula sa tumatawa niyang anak. “Velasco? Filipina?”

Nagkibit-balikat si Mason at isinuot ang coat ng kanyang dress uniform. “Hindi ko na itinanong. Tetestigo lang ako sa korte, Mommy. Kayo na muna ang bahala kay Jaime, ha,” tukoy niya sa anak.

Tumango ang kanyang ina at hinalikan niya ito sa noo, bago hinalikan ang tuktok ng ulo ng anak. Tiningala siya ng bata at binigyan ng isang mala-

anghel na ngiti na baby lamang ang makakapagbigay. Hinaplos niya ang buhok nito bago muling tumuwid.

“I’ll see you both later,” paalam niya bago tuluyang lumabas ng condo.

Nasa basement garage ang kanyang kotse kaya doon siya tumuloy. Nang makasakay, agad niyang binuhay ang makina ng sasakyan at binuksan ang heater. Kaya niya ang init pero mahina siya sa lamig.

He was a third generation firefighter and proud of the legacy. Bumbero ang kanyang lolo at ang kanyang ama na namatay sa 9/11 attacks. Isa ito sa mga umakyat sa *World Trade Center* nang tumama ang eroplano sa dalawang tore nito. Isa rin ito sa mga nasawi nang gumuho ang *Twin Towers*.

Sa isang iglap, nabago ang buhay ni Mason. Pero imbis na baguhin ang isip ng binata, lalo pang naging matatag ang kagustuhan niyang maging bumbero. Kahit pa walang nagulat sa mga kaibigan niya, marami pa rin ang nagtaka.

Mayaman ang pamilya nila dahil nakapangasawa ng heredera ang kanyang Irish immigrant na lolo. Kung bakit hindi na lang daw siya mamuhay na parang heredero rin imbis na isugal ang buhay sa tuwing sasagutin nila ang tawag ng alarm kapag

may sunog.

Hindi rin naman niya maipaliwanag. Iba ang hatak ng apoy sa kanya. Biro na lang niya, siguro arsonista siya noong past life niya. Pero parang apoy talaga ang elemento niya. Nagpursige siya at ngayon nga, labindalawang taon matapos ang 9/11, matapos ang anim na taon bilang bumbero, isa na siyang tinyente sa *Ladder Company 26 of the Fire Department of the City of New York*.

Isa na rin siyang harrassed na anak ng kanyang ina at mapagmahal, kahit minsan ay clueless, na single father sa isang ten-month old na baby boy.

Hindi niya alam kung paano napunta roon ang buhay niya but he was taking it one day at a time. At so far, so good. Magiging so far, so good, a lot better ang buhay nila ng kanyang ina kapag nakakuha sila ng bagong yaya para kay Jaime.

Pero one at a time nga. Ngayon, trabaho muna.

## 2

Tiningala ni Hannah ang numero sa pinto at ni-double check iyon sa numerong nakasulat sa papel na dala niya bago kumatok. Humakbang siya paatras nang isang beses para makita siya sa peephole ng kung sino man ang magbubukas ng pinto.

Huminga siya nang malalim nang marinig ang doorknob at bumungad sa pintuan ang isang matangkad, payat at magandang babae na may malaking ngiti sa mga labi.

Napalunok sa nerbyos si Hannah kahit pa awtomatiko siyang napangiti. Nagulat siya at natuwa nang makitang Filipina ang babae. “Mrs. McKendrick?”

“Yes. Hannah?”

“Opo,” sagot niya.

“Ay, ’sus!” tawa nito bago siya hinila at niyakap.

Namilog sa gulat ang mga mata ni Hannah bago siya naluha at niyakap na rin ang matanda. Tumatawa ito nang maghiwalay sila.

“Naku, pasensya ka na, Hija. Ang sarap lang kasi

makarinig ng ‘opo’ ulit! Halika, pasok ka.”

Nahihiya na lamang siyang ngumiti at pumasok sa malawak na living room ng condo. Siguro kasya ang buong apartment nila ni Yves sa sala pa lamang nito. At nakakaagaw-pansin ang view ng Central Park sa bintana. Sigurado siyang mas maganda pa iyon sa gabi kapag bukas ang mga ilaw ng Manhattan na parang milyun-milyong mga bituin.

“May I get your coat?” tanong ni Mrs. McKendrick.

“Ay, opo. Pasensya na po. Ang ganda po kasi ng view.”

“Yan ang dahilan kung bakit ang mahal ng bayad sa condo na ito. Ewan ko ba. Sa ’kin naman, mas gusto ko pa rin ang view sa Pilipinas.”

Inalis ni Hannah ang suot na coat at kinuha iyon ni Mrs. McKendrick para ilagay sa loob ng isang closet sa may pinto. “Maupo ka muna, ikukuha kita ng maiinom.”

“Naku, Ma’am, hindi na po kailangan,” habol niya sa matanda na papunta na sa kusina.

“Kow, ano ba naman na bigyan kita ng mainit na inumin pagkagaling mo sa labas. Ano ba ngayon? Four degrees lang yata ngayon.”

“Mga ganoon nga po.”

Nadinig niyang tumawa ang matanda. “Pasensya ka na, ha,” tawa nito. “Kinikilig lang ako na may ibang nagpo-po sa ’kin.”

Tumawa na rin siya bago nahihiyang naupo sa sofa. Malamig nga sa labas. Nag-snow kagabi pero sandali at kaunti lamang kaya halos natunaw na iyon at natuyo na ng araw kanina. Gayunpaman, malamig ang hangin.

Hindi nga alam ni Hannah kung ano ba ang isusuot niya sa interview bilang housekeeper. Tama na ba ang maong at blusa? Sa kagustuhang ma-impress ang potential amo, nagsuot na lamang siya ng paldang itim na hanggang tuhod na sinamahan niya ng makapal na itim ding stockings para hindi siya ginawin, itim na boots at puting knitted sweater. Sa palagay niya, na-achieve naman niya ang business casual look.

Tumayo siya para salubugin ang matanda nang bumalik ito na may dalang isang tray. May isang china teapot doon na may dekorasyong mga bulaklak, dalawang tasa na nasa mga platito at isang pinggan ng cookies.

“Hot chocolate ito. Gusto mo ba ng kape na lang

o kaya tsaa?”

“Okay na po ito, Ma’am. Nakakahiya naman. Hindi na po ninyo kailangang mag-abala.”

Naguguluhan siya, nabigla pero hindi niya maikaila na na-touch siya sa mainit na pagtanggap ng babae sa kanya. Siguro normal lang iyon. Noong unang makarinig siya ng nag-Tagalog habang nasa America, gusto rin niyang yakapin ang estranghero sa subway.

Si Mrs. McKendrick na rin ang nagsalin ng tsokolate sa tasa niya. Tinanggap niya iyon at nagpasalamat.

“Gaano katagal ka na rito sa Amerika?”

“Kulang-kulang isang linggo pa lang po,” sabi niya bago tinikman ang timpla ng hot chocolate. Higit pa sa tiyan niya ang nainitan niyon dahil lasa iyong tsokolate ng kanyang lola, iyong gawa sa batirol. Pati puso at kaluluwa niya ay parang binalot ng makapal na kumot.

“Tagasaan ka sa Pilipinas?”

“Taga-Pasay po.”

Nagpatuloy ang kuwentuhan nila ng matanda hanggang sa nalaman niyang biyuda na ito at may



bahay sa Staten Island kaya lang ay pansamantalang lumipat ng Manhattan para tulungang alagaan ang una nitong apo. Tatlo ang anak nito na puro lalaki.

Detective sa *NYPD* ang panganay na si Mark habang isa namang *Navy SEAL* ang bunso na si Michael. Ang kanyang magiging amo, kung tatanggapin siya nito, ay ang middle child na si Mason, isang bumbero na naka-assign sa isang fire station sa 5th Avenue.

“Kung puwede ka sanang mag-nanny,” sabi nito habang muling nagsasalin ng isa pang tasa ng tsokolate. “Ten months old pa lang naman ang apo ko. Natutulog nga siya ngayon kasi kung hindi palakad-lakad na ’yon dito sa sala.”

“May experience naman po akong mag-alaga ng mga bata. Bunso po kasi ako tapos malaki ang agwat namin ng kuya ko. By the time po na ten years old ako, may mga pamangkin na ako. Pero ’yun nga lang po, wala po akong formal training. Hindi po ako puwede maging nanny rito nang walang training.”

“Eh, ganoon naman sa Pilipinas. Hindi naman kadalasan requirement na mag-aral ng pagya-yaya ang mga namamasukan.” Pinagmasdan siya nito bago ito tumango nang minsan. “Alam mo, gusto kita. Sabihin mo sa ’kin ngayon kung gusto mong magtrabaho para sa ’min bilang yaya, ako na’ng

bahala sa anak ko.”

Bumilis ang pintig ng kanyang puso. Gusto rin niya ang babae. Gusto niya na Filipina ito kaya mas magaan ang loob niya.

“Gusto ko po, Ma’am—” simula niya at hindi na siya nakatapos sa pagsasalita dahil nadinig nila na nagbukas ang pinto.

“Sorry, na-late ako,” sabi ng lalaking pumasok. “Natagalan ang testimonya n’ung arson investigator.”

Tumayo si Mrs. McKendrick para salubungin ang anak at mabagal na ring napatayo si Hannah.

Akala niya guwapo na ang ex-fiancé niya na si Yves. Blonde iyon at grey ang mga mata, at matangkad at lean ang pangangatawan. Pero kapag itinabi si Yves sa lalaking dumating, balat pa lang, taob na taob na ang ex niya.

The man was probably over six feet tall. Most of his height was leg. Nakasuot ito ng dark-colored suit na may patch sa isang braso at stripes sa pupulsuhan, sa ibabaw ng isang kulay asul na polo. Hindi maitago ng sukat ng maganda nitong uniporme ang hubog ng katawan nito. His shoulders were broad, his waist slim.

At hindi siya talentado sa paghabi ng mga salita kung kaya hindi niya mailarawan kung gaano kaguwapo ang mukha ng lalaki.

Tulad ng ina nito, itim ang buhok ng dumating at kulay brown ang mga mata. Medyo tabingi ang ilong ng lalaki, siguro dahil minsan nang nabali pero imbis na makabawas sa kaguwapuhan nito, nakadagdag pa iyon sa appeal nito. Ginawa noon na masculine ang mukhang ipinamana rito ng ina.

“Mason, this is Hannah Velasco. Filipina siya.”

Nagtama ang kanilang paningin at ngumiti si Mason sa kanya. He even smiled like his mother. Mas mainit pa ang epekto ng ngiti nito sa kanyang dugo kaysa sa hot chocolate.

“Ganoon ba?” tanong nito bago lumapit sa kanya. Kinailangan niyang tumingala para matingnan ito sa mukha. “Nice to meet you, Hannah.”

Iniabot niya ang kamay rito. Nang magkadaupang palad sila, agad niyang napuna na matigas ang kamay nito. Malapad iyon na may mahahabang mga daliri. Kamay ng lalaki.

“Likewise, Sir.”

“Gusto ko rin siyang maging yaya sana ni James.”

Sabay silang napalingon sa ina ng lalaki. Si Mason ang nagsalita. “The agency said she was a housekeeper.”

“Marunong siyang mag-alaga ng bata. Hindi ba, Hannah?” tanong ni Mrs. McKendrick na binalikan ang tray niya ng hot chocolate.

Bumalik kay Mason ang tingin niya bago sa matanda. “S’abi ko nga po, wala po akong formal—”

Gumawa ng tunog ang babae para patigilin siya sa pagsasalita. “Kung umiiyak ang bata, ano’ng gagawin mo?”

“Ahh, titingnan po kung basa siya o papainumin ng gatas.”

“Exactly. You’re hired.”

“Mom!” tawag ni Mason.

Muli siyang napatingin sa lalaki bago sa matanda na pinandidilatan ang anak.

“Paki-excuse mo muna kami, Miss Velasco,” sabi ng lalaki sa kanya. “Mag-uusap lang kami ng nanay ko.”

“Of course.”

Pinanood niyang kunin ni Mason ang tray na

dala ng ina nito bago ito giniya papunta sa kusina. Gusto niyang pakinggan kung ano ang pag-uusapan ng dalawa pero hindi niya ugali ang makichismis. Kinakabahan na lamang siyang naupong muli sa sofa.

She wanted this job. No, she *needed* this job. Pero dahil pulos disappointments naman ang dala ng linggong ito sa kanya, she might as well prepare herself. She needed a miracle. Actually, she needed a boat-load of miracles.

---

“Mom, did you just hire her?” di-makapaniwalang tanong ni Mason nang makapasok sila sa kusina.

“I like her,” sabi lamang ng kanyang ina habang binabanlawan ang mga tasa sa lababo.

“Oh, sure!” sarkastiko niyang saad. “Nakita n’yo na ba ang police record niya? Wala ba siyang kaso sa Pilipinas? Hindi ba siya kidnapper?”

Hinarap siya ng kanyang ina. Nasa dibdib nito ang dalawang kamay at namimilog ang mga mata. “Diyos ko! Baka mamatay-tao siya!”

Tumirik ang mga mata ni Mason. “I’m serious. Hindi natin siya kilala.”

Pumalatak ang kanyang ina bago binalikan

ang mga tasang hinuhugasan. “Sa tingin mo, ipagsasapalaran ng agency niya ang reputasyon nila sa pamamagitan ng pagpapadala sa ’yo ng isang housekeeper na walang reference o may police record? Ano ka ba?”

“Paano ba kayo tumagal sa New York na hindi kayo naloloko ganyang napakainosente n’yo at ang bilis magtiwala?” nakasimangot niyang sabi.

Umismid ang kanyang ina. “Una, inalagaan ako ng daddy mo. ’Tapos, nang wala na siya, may tatlo naman akong bodyguards na siyang proteksyon ko sa masasamang loob.” Inabot ng kanyang mommy ang isang hand towel at tinuyo ang kamay. “Mason,” sabi nito nang makalapit sa kanya. “I like this girl. Iba ang pakiramdam ko sa kanya. Give her a chance. Kung ayaw mo talaga sa kanya, di wala na akong magagawa pero give her a chance.”

Bago pa man matapos ng kanyang ina ang sasabihin, alam ni Mason na pagbibigyan niya ito. Gaya ng kanyang ama, wala siyang depensa sa paglalambing ni Regina McKendrick. At bago pa man siya magsalita, nakangisi na ang kanyang ina dahil alam na nitong pagbibigyan niya ito.

Pumalatak siya at kinurot ito sa ilong. “I’m going to interview her—” Nagtaas siya ng isang daliri

nang ibuka nito ang bibig, “—to see if she suits me. I promise to keep an open mind pero kapag hindi talaga, hindi talaga. Okay?”

“Okay.” Sabay silang napatingin sa labas nang may marinig na malakas na iyak ng bagong gising na baby. “Interview-hin mo na si Hannah. Ako na’ng bahala kay Jaime.”

Sabay silang lumabas ng kusina. Dumerecho sa silid ng kanyang anak ang mommy niya samantalang bumalik naman siya sa sala.

Muling tumayo si Miss Velasco, si Hannah. She was of average height for a woman, with a slim figure and a quietly pretty face. Mahaba ang unat na buhok na naka-ponytail, walang suot na makeup, maayos at disente ang damit. Hindi mukhang kidnapper or serial killer. Pero hindi naman lahat ng masasamang-loob, mukhang kidnapper o serial killer agad, hindi ba?

“No, please. Have a seat.” Inalis niya ang suot na coat at ibinaba iyon sa likod ng isa sa mga arm chairs bago naupo sa tapat nito. “Dala mo ba ang mga papeles mo?”

“Yes, Sir,” sabi nito bago inabot sa kanya ang isang folder. Her nails were clean and painted with clear polish. Malinis na babae.

“I’m going to ask you a few questions, okay?”

“Yes, Sir.”

Mabilis niyang binasa ang mga detalye sa file nito. She was twenty-four years old, born and raised in Pasay City, had a college education and left a solid job in the Philippines for a ninety-day working visa in the States.

“Sabi rito you were an operations manager in a contact center in Manila.” Nag-angat siya ng ulo para tingnan ito. “Bakit hindi ka pumasok sa kaparehong field dito sa States?”

“Matagal pa ang processing sa corporate world, Sir. I need a job immediately.”

“May I ask why?”

Saglit itong natigilan na para bang hindi nito sigurado kung sasagutin ba o hindi ang tanong niya. Sa huli, sinagot siya nito. “I want to save up so I can go back home.”

Tumango siya bago muling tumungo sa mga papel sa loob ng folder. It was a valid answer. At kahit pa gusto niyang malaman ang kuwento sa likod niyon, hindi siya nagtanong. He knew it was none of his business.



“This is your first housekeeping job.”

“Yes, Sir. But that doesn’t mean hindi ako marunong maglinis ng bahay. I have... had my own place in Manila.”

Natusok na naman niyon ang kuryosidad niya at muli siyang nag-angat ng paningin. Nakatingin sa folder si Hannah bago nito napansin na pinagmamasdan niya ito. Nag-angat din ito ng mukha at nagtama ang kanilang mga mata. Hindi niya ito kilala but he saw strength in her eyes, as well as determination. He liked that in a person.

“Ang sabi ni Mommy, gusto mo rin daw maging yaya ni Jaime?”

“With all due respect po kay Mrs. McKendrick, ang sabi ko okay po akong maging yaya rin ng anak ninyo. Pero sinabi ko rin po sa kanya na wala po akong formal training at baka hindi ko po ma-meet ang requirements ng pagiging yaya. Kung kukunin po ninyo akong housekeeper, sigurado ko naman pong hindi po ako aabutin ng isang buong araw sa paglilinis. Puwede naman po akong tumulong sa inyo o kay Mrs. McKendrick sa pag-aalaga kay Jaime kapag kailangan ninyo.”

Honest answer. He liked that in a person too.

Tumango si Mason at muling tumungo sa mga papel. Sabi ng kanyang mommy, magaan ang pakiramdam nito kay Hannah. Sa totoo lang, siya rin. Hindi ibig sabihin niyon, hindi niya titingnan ang mga references nito o hindi na niya ipapa-run sa kuya niyang nasa *NYPD* ang record nito, pero gusto niya ang aplikante.

Bilang housekeeper, of course. Hindi dahil maganda ito at maganda itong ngumiti, at hayop ang hubog ng katawan nito sa suot na sweater.

*Gago ka, McKendrick.*

Huminga siya nang malalim at isinara ang folder. “Okay,” sabi niya nang muling magtama ang paningin nila ni Hannah. “Ang kailangan ko talaga ay nanny—” Tumango ang dalaga pero nakita niya ang disappointment sa mga mata nito. “Pero ang s’abi kasi ni mommy, mas gusto niyang maging yaya ni Jaime kaysa maglinis ng bahay. Are you willing to be a live-in housekeeper para matulungan mo rin siyang mag-alaga kay Jaime?”

Alam niyang nagulat niya ang babae. Hindi nito inaasahan na tatanggapin niya ito. “Tatanggapin n’yo ako?”

“Yes, on two conditions. One, I’m going to have your background checked, of course. Sana hindi ka

mainsulto roon.”

“Of course not, Sir. Pero since ilang araw pa lang ako dito sa States, I doubt na may makukuha kayong record sa pulis. And I have my *NBI* clearance from Manila diyan sa file.”

“I see. That’s good then.”

“Ano po ’yong ikalawang kondisyon?”

Napangiti si Mason. “Depende ’yon sa anak ko.”

At timing namang lumabas ng silid ang kanyang mommy na karga si Jaime sa isang balakang. Itim ang buhok ng bata at brown din ang mga mata na tulad niya. Sa ina naman nito namana ng bata ang ilong. Nakahilig ito sa balikat ng lola nang lumabas sila ng silid pero agad na tumuwid at itinuro si Mason nang mamataan siya nito.

“Dada!” masaya nitong sigaw.

Tumayo si Mason at kinuha ang anak mula sa kanyang ina. Amoy baby powder ito. Ilang beses siya nito hinalikan, dala siguro ng pagka-miss nito sa kanya.

“Jaime, I’d like to introduce you to someone,” sabi nito sa bata bago niya itinuro si Hannah na muli nang nakatayo. “This is Hannah, Buddy. She’s going

to help Lola take care of you. Would you like that?”

Sinundan ng anak ang itinuturo ng kanyang daliri at pinagmasdan nito si Hannah. Kadalasan, mahiyain si Jaime sa mga estranghero. Kung ayaw nito sa isang tao, hihilig ito sa balikat ni Mason o ng lola nito bago tatalikod. Sabihin na niyang test niya ito para sa anak at sa bago nilang housekeeper-slash-nanny.

Ngumiti si Hannah sa bata. “Hi, Jaime.”

Pinagmasdan niya ang anak habang pinagmamasdan nito si Hannah. Nakapasak sa bibig ang isa nitong hinlalaki. Kumurap ito bago ngumiti at hinila ang daliri mula sa bibig. Inabot nito si Hannah.

“Dada.”

Tumawa ang babae at hinaplos ang buhok ng kanyang anak.

“Sorry, dada pa lang ang alam niyang sabihin.”

“Okay lang, Sir,” sabi ni Hannah na mas lumawak pa ang ngiti nang magpakarga rito si Jaime.

“O, ano na? Paano na?” tanong ng kanyang mommy habang nagpapalipat-lipat sa pagitan nila ang mga mata.

*Love In A New York Minute - Elise Estrella*

---

Pinanood niyang gumawa ng mga ingay si Jaime, ingay na ang interpretasyon nila ay masaya ito. “Well,” sabi niya sa kanyang ina na hindi inalis ang mga mata kay Hannah, “looks like she’s hired.”